

MGA RUTINANG PAGPAPABAKUNA SA PAGKABATA

Mahalagang paraan ang mga bakuna para protektahan ang anak mo mula sa mga sakit na malubha at banta sa buhay.

MGA BENEFISYO NG MGA BAKUNA SA PAGKABATA

- Napipigilan ng mga bakuna ang 3.5 hanggang 5 milyong pagkamatay bawat taon at dekada nang umiiral.
- Nagbibigay ang mga bakuna sa pagkabata ng proteksyon laban sa 15 sakit na maiiwasan sa pamamagitan ng bakuna.
- Ang mga iskedyul sa pagbabakuna sa pagkabata ay ginawa para magbigay ng immunity sa maagang bahagi ng buhay bago malantad ang mga bata sa mga malubha at potensyal na banta sa buhay na mga sakit. Ang ilang mga bakuna ay nangangailangan ng mahigit sa isang dosis para makapagbigay ng pinakamaraming proteksyon.
- Tinutulungan ng mga bakuna ang katawan na bumuo ng proteksyon.

KALIGTASAN NG BAKUNA

- Ang pagpapabakuna ay mas ligtas kaysa mahawaan ng mga sakit na nilalaban ng proteksyon ng mga bakuna.
- Lahat ng mga bakuna ay isinasailalim sa proseso ng pagrepaso na sumusuri sa kaligtasan, bisa at kalidad bago magamit ang mga ito sa Canada. Patuloy na sinusubaybayan ang mga bakuna para sa kaligtasan at bisa kapag ginagamit na.
- Karaniwan ang mga banayad na side effect matapos ang pagbabakuna. Maaaring kasama ng mga ito ang banayad na lagnat, banayad na kirot, pamamaga o pamumula sa bahaging binakunahan. Ang mga side effect na ito ay pansamantala at hindi dahilan para mag-alala. Ito ang katawan ng anak mong bumubuo ng immune response na tumutulong na magbigay ng proteksyon laban sa impeksyon.

KUNG NAKALAKTAW ANG ANAK MO NG BAKUNA

- Kung mahuli ka sa iskedyul ng pagbabakuna ng anak mo, maaari ka pa ring humabol. Ipaalam sa iyong tagapagkaloob ng pag-aalaga ng kalusugan para makapagtulungan kayong makabalik sa iskedyul.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga bakuna, kausapin ang iyong tagapagkaloob ng pag-aalaga sa kalusugan o pumunta sa Canada.ca/childhood-vaccines.

